Regional Kindergarten Festival of Talents
Contest Piece in Storytelling Filipino

Kung Papaano Umusap sina Kaibigang Hayop
ni Dr. Erico M. Habijan

Araw ng Linggo. Araw ito para purihin ang Diyos. Nagising ng mag-iika 6 ng umaga si Airik. Naghikabhikab pa siya. At pagkatapos ay tumayo na siya mula sa kanyang higaan.

"Inay, ano po ba ang makakain natin sa almusal? Gutom na po ako!" pasigaw niyang hayag.

Wala siyang narinig nasagot mula sa kanyang ina. Lumabas siya ng bahay at nakita niya si Tandang.

"Tikkkkktilaooookk! Tikkkktilaaooook! Purihin ang Diyos. Kay ganda ng sikat ng araw. Purihin ang Ama sa Langit. Purihin ang anak ng Diyos na si Hesus. Purihin at gabayan tayo ng Espiritu Santo. Tiktilaaoook!"

Napatigagal si Airik. Napag-isip nang malalim. Maya-maya ay nagawi siya sa likod ng kanilang tahanan. Nasipat naman niya ang mga ibon sa kanilang punong mangga.Narinig niya:

"Twit, twit, twit! Twit, twit, twit! Kay saya ng aking umaga. Salamat sa Diyos sa magandang araw na ibinigay niya sa akin. Ako ay nakalilipad pa at nakaaawit. Salamat sa Diyos na dakila. Twit, twit, twit!"

Napag-isip na muli si Airik. Binalikan niya ang mga pangyayari sa kanya mula nang siya ay nagising. Ni Hindi siya nakapagdasal. Ni hindi siya nakapagpasalamat sa Anak ng Diyos na si Hesus. Pumikit siya at waring nagdasal.

Sumapit ang alas-6 ng gabi. Tinawag na siya ng kanyang nanay para sa kanilang hapunan. Papasok siya ng bahay nang marinig niya ang hunini Butiki.

"Tsssseeeekkk, tseeeekkkk, tsseeeekkk! Patawad po panginoon sa aking mga kasalanan. Lalo na sa mga asal ko na di maganda sa buong maghapon. Ako po ay inyong kahabagan. Sinunggaban ko po at kinainang mga kulisap na may buhay."

Muli ng natahimik si Airik. Naisip niyang marami siyang ginawa sa maghapon lalo na sa mga sinayang niyang mga pagkain sa hapag-kainan mula umaga hanggang tanghalian.

Patungo na sa higaan si Airik pagkatapos ng kanilang hapunan nang malingunan niya ang kanilang aso . . . siBantay. Antok na antok na rin ito at nais na niyang matulog. Nakita niya itong umikot ng tatlong beses. Isa . . . dalawa . . . tatlo. .!

Pagkatapos saka pa lang ito humiga. Narinig niya sa pag ikot ni Bantay ang mga pahayag na:

"Papuri sa Diyos Ama sa umaga (Unang ikot), Salamat sa Diyos Anak sa Tanghali (Pangalawang ikot), at Gabayan mo ako Espiritu Santo sa aking pagtulog (Pangatlong ikot). Saka pa lang ito humiga at natulog.

"Kung siBantay ay nagdarasal bago matulog, ako pa kayang bata na mahal ni Ama, ni Papa Jesus at ni Banal na Espiritu ang hindi magdarasal bago matulog ngayong gabi?"

At nagpasalamat si Airik sa kanyang mga naging karanasan at natutunan sa buong araw ng Linggo.